

PAGTALAKAY SA PAKSA NG PAGPAPATIWAKAL

MGA IMPORMASYON AT MAPAGKUKUNAN

May maling impormasyong ibinabahagi sa publiko tungkol sa mga rate ng pagpapatiwakal sa Lahaina pagkatapos ng wildfire. Suriin ang iyong mga pinagkukunan at tiyaking mapagkakatiwalaan ang mga ito.

Tumaas ba ang mga rate ng pagpapatiwakal mula noong nagkasunog?

Hindi. Hindi tumaas ang mga rate ng pagpapatiwakal mula noong Agosto 9 (ang araw pagkatapos ng sunog) hanggang sa katapusan ng Oktubre 2023.

Ayon sa pagsusuri ng Departamento ng Kalusugan ng Estado ng Hawai'i sa lahat ng iniulat na pagkamatay sa Maui, kagaya sa naranasan sa mga nakaraang taon ang pagpapatiwakal at iba pang posibleng kaugnay na pagkamatay (gaya ng mga pagkamatay dahil sa labis na pag-inom ng alak o paggamit ng ipinagbabawal na gamot). Gayunpaman, mayroon pa ring panganib at patuloy na susuporta at susubaybay ang DOH.


Tandaan: Ang Medikal na Tagasuri ng County ang tumutukoy sa dahilan ng pagkamatay, hindi ang Departamento ng Kalusugan.

Saan maaaring pumunta ang isang tao para sa payo o tulong?

- Tumawag sa (808) 832-3100 o 1-800-753-6879 para makipag-ugnayan sa Hawai'i CARES na nagbibigay ng 24/7, libre, at kumpidensyal na suporta para sa iyo o sa mga mahal mo sa buhay.
- Kung gusto ng mga taong makipag-usap sa isang tagapayo sa kalungkutan sa pamamagitan ng telepono, makaharap ang isang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan, o kung gusto lang nilang makipag-ugnayan sa isa sa mga miyembro ng aming team na nakatalaga sa komunidad, narito kami.

Nagbibigay ba ang DOH ng karagdagang suporta sa kalusugan ng pag-iisip?

Nakakuha ang DOH ng mga grant para mapalawak ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip sa Maui na kakailanganin habang bumabangon ang komunidad. Nakikipagtulungan din ang DOH sa mga organisasyong nakabase sa komunidad para masuportahan ang mga pangmatagalang pangangailangan sa kalusugan ng pag-iisip ng Maui.



AVAILABLE ANG DON MAUI AT MGA SERBISYO SA PERSONAL SA:

Lahaina Comprehensive Health Center

Ākoakoa Place
(pababa lamang sa kalye mula sa
Lāhainā Civic Center)
Bukas 7 araw sa isang linggo
9:00 AM–4:00 PM
Telepono: (808) 495-5113

Wailuku Clinic

121 Mahalani Street
Bukas nang Lunes-Biyernes
7:45 AM-4:30 PM
Telepono: 808-984-2150

